# Balitang Manmin

BILANG 73 NOBYEMBRE 4, 2012

# Nandito ang Pag-ibig at mga Biyaya ng Diyos!

## Pagtatanghal at Pagsamba sa Pagdiriwang ng Ika-30 Anibersaryo















Itinatag ang Manmin Central Church 30 taon na ang nakakaraan para sa kaligtasan ng lahat ng tao sa lahat ng bansa. Naging napakalaki na ng iglesyang ito, at nagdadala ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga tanda, himala, at kapangyarihan ng Diyos. Noong Oktubre 7, 2012, nagkaroon ng bagong simula ang iglesya sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo. Itinampok sa pagtatanghal ang napakaganda at napakalaking entablado, gumamit ng harness o kurdon ang mga nagpalabas para magmukha silang lumilipad sa ere, at mga laser beams (iba't ibang klaseng ilaw), na nakadagdag sa emosyon ng mga manonood. Nai-brodcast ito ng 'live' sa GCN TV at sa internet. ■ 1. Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ■ 2. Dr. Frank Wright, pangulo ng National Religious Broadcasters ■ 3. Pagtatanghal sa Pagdiriwang, "Heaven and Earth" (Langit at Lupa) ■ 4. Photo Studio ■ 5-7: Gabi ng Pagtatanghal, "Glory to God" (Sa Diyos ang Luwalhati)

Noong Oktubre 7, 2012, ipinagdiwang ng Manmin Central Church ang ika-30 anibersaryo nila kasama ang may 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya. Nagpasalamat at niluwalhati nila ang Diyos sa pamamagitan ng pagsamba at pagtatanghal.

Sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga, ipinangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mensaheng "The Church that God Loves: Heaven" (Ang Iglesyang Iniibig ng Diyos: Langit), batay sa Isaias 60:1-3. Sinabi niyang ipinakita na ng Diyos ang Langit sa iglesya. Ibig sabihin, sa nakalipas na 30 taon, pinatunayan ng Diyos ang dakilang pag-ibig Niya sa pamamagitan ng Salita ng Buhay; sa kapangyarihan Niya; at sa mataas na uri ng pagtatanghal tungkol sa kultura na nagpapakita ng mala-langit na kagandahan ng mundong espirituwal.

Sa pagsamba sa hapon, inihatid naman niya ang mensaheng "The Church that God Loves: Earth" (Ang Iglesyang Iniibig ng Diyos: Lupa), batay sa Isaias 60:1-3. Sinabi niya na ang dahilan kung bakit ipinapakita ng Diyos sa ating mga nasa mundo ang mga nangyayari sa Langit ay para maging espirituwal tayo na katulad Niya sa pamamagitan ng mga pagsubok at sa proseso ng pagpapabanal.

Naghatid ng pagbati si Dr. Frank Wright, pangulo ng National Broadcasters. Sinabi niya, "Sa kasalukuyan, maraming iglesya ang natatakot at nagdadalawang-isip sa pangangaral ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Pero ang Manmin Central Church ay kamangha-mangha, bukod-tanging iglesya na matapang na ipinapangaral ang pangalan Niya sa buong mundo sa kapangyarihan ng Diyos."

Si Pastor Jongman Lee, pangulo ng Christian World Revival Mission Association, ang nagpahayag ng pagbasbas sa naganap na pagsamba. Kasunod nito ang pagtatanghal ng mga miyembro ng komite sa paksang "Heaven and Earth" (Langit at Lupa). Ipinalabas nila kung paanong ang pag-ibig ng Diyos ay gumabay sa iglesya sa loob ng 30 taon. Saliw ng mga awiting mula sa Diyos, ipinakita ang hukbo ng kalangitan at mga anghel, gayundin ang mga tao sa mundo na may pusong nagbibigay ng mabangong samyo dahil dumaan sa proseso ng pagpapabanal. Nakilahok dito ang mahigit sa 500 tao, kasama na ang lahat ng mga tumulong sa isang oras na pagtatanghal. (Nasa pahina 4 ang mga litrato)

Sinabi ni Dr. Kiril Svilenov ng Bulgaria, "Naantig ang puso ko sa kakaibang pagtatanghal. Natitiyak kong kasama nila ang Diyos dito." Sabi naman ni Pastor Tsia Fang Liu, "Nadama ko ang kagandahan ng Langit, at nagkaroon ako ng malaking pag-aasam dito. Dapat ibahagi sa buong mundo ang napakagandang pagtatanghal na ito na nagbibigay ng pag-asa sa mga tao tungkol sa Langit."

Nadama ng mga miyembro ng Manmin ang dalisay at mabangong samyo ng Langit. Nagpasiya agad silang magpabanal para manahan sa Bagong Jerusalem magpakailanman kasama ang Diyos na may Tatlong Persona.

Dinaluhan ito ng mga Cristianong tagapagbalita mula sa loob at labas ng Korea, mga iginagalang na tao mula sa larangan ng pulitika at relihiyon, at mga miyembro ng World Christian Doctors Network na kasali sa mga nakaraang kumperensya. May mga nanggaling pa sa Estados Unidos, Tsina, Kenya, India, Germany, at Peru. Iba't ibang klaseng pagkain ang inihain sa patyo ng simbahan. Mayroon ding lugar para makapagkuhanan ng litrato ang mga miyembro at mga panauhin na nakadagdag ng kaligayahan sa kanila.

Noong Oktubre 5, 2012, sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, ipinalabas ang espesyal na video ng Manmin Magazine, ang lingguhang balitang simbahan. Ito ay pinamagatang The Walk of Faith (Ang Pagsulong nang may Pananampalataya). Tungkol ito sa 30 taong kasaysayan ng Manmin na mabilis lumago dahil sa gabay ng Diyos. Sa ikalawang bahagi ng pagsamba, espesyal ang pagtatanghal ng komite ng sining na pinamagatang "Glory to God." Bago magsimula ang pagsamba, tumugtog ang banda ng mga bata sa isang napakagandang entablado sa labas ng simbahan na ginawang parang hardin sa langit.

Sinabi ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, "Mula noong Hulyo 2012 na ika-30 anibersaryo ng pagbubukas ng iglesya, nagkaroon tayo ng panahon para ihanda ang ating mga sisidlan para sa mga biyaya. Bubuhos nang husto ang mga biyaya sa iglesya natin at sa mga miyembro magmula ngayon." Pinatunayan ito ng patotoo ng isang miyembro na tumanggap ng malaking pagpapala.

# Ang PANGINOON ang Nagbigay at ang PANGINOON ang Bumawi

"Pagkatapos ay tumindig si Job, pinunit ang kanyang balabal, inahitan ang kanyang ulo, nagpatirapa sa lupa at sumamba. Sinabi niya, 'Hubad akong lumabas sa sinapupunan ng aking ina, at hubad akong babalik doon. Ang PANGINOON ang nagbigay at ang PANGINOON ang bumawi; purihin ang pangalan ng PANGINOON'" (Job 1:20-21).

Parang magaspang na bato ang brilyanteng hindi pa napapakinis, pero pagkatapos dumaan sa mga kamay ng isang mahusay na alahero, ito ay nagiging mamahaling hiyas na kumikinang at kinagigiliwan ng mga tao. Tulad ng magaspang na brilyante, ang taong iniibig ng Diyos ay maaaring maging mahalagang lingkod pagkatapos tanggalin, linisin, at pakintabin ang mga pangit na ugali niya sa pamamagitan ng pagdadalisay. Sa Biblia, anong klase ng pagdadalisay ang dinaanan ni Job para makita at maiwaksi niya ang kasamaan na nasa kalooban niya para maging taong pinagpala?

### 1. Ang dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos na subukin si Job

Sa Job 1:1, ipinakilala si Job nang ganito, "Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos, at lumalayo sa kasamaan." Bilang pinakadakila sa silangan, tumutulong si Job sa mga mahihirap at mga ulila, marami siyang mabuting nagawa. Pero, bakit niya kailangang pagdaanan ang matinding pagsubok kahit matuwid siya at wala siyang kapintasan?

Nabuhay si Job noong panahon ng Lumang Tipan. Perpekto siya sa panlabas na kilos, pero may kasamaang nakatago sa pagkatao niya. Batid ng Diyos na mapapabanal siya at tatanggap ng mas malaking pagpapala kung iwawaksi niya ang kasamaan sa kalooban niya. Ito ang dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos na subukin si Job.

Isang araw, sinabi ni Satanas sa Diyos na naglilingkod si Job sa Kanya dahil binibigyan Niya ito ng maraming biyaya. Ayon sa kanya, dapat tanggalin ang mga biyayang ibinibigay ng Diyos kay Job para masubok ito. Hinayaan ng Diyos ang pagsubok ayon sa hiling ni Satanas, at sinabi Niya dito, 'Huwag mo lamang siyang pagbuhatan ng iyong kamay.' Sa madaling salita, pipigilan ng Diyos ang mga pagsubok na makakapinsala kay Job. (Job 1:12)

Mababatid natin dito na hindi ang Diyos kundi si Satanas ang nagdadala ng mga pagsubok sa tao kapag nagkakasala sila o gumagawa ng masama. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ng Santiago 1:13 sa atin, "Huwag sabihin ng sinuman kapag siya'y tinutukso, 'Ako'y tinutukso ng Diyos,' sapagkat ang Diyos ay hindi natutukso ng masasama, at hindi rin siya nanunukso sa sinuman."

### 2. Hindi sinisi ni Job ang Diyos kahit nawala lahat ng mga ari-arian at ang mga anak niya

Sa wakas, dumating kay Job ang isang matinding pagpapahirap. Sa isang iglap, nawala lahat sa kanya maliban sa sarili niyang buhay at mga anak niya. Pero hindi niya sinisi ang Diyos. Sa Job 1:21, sinabi niya, "Ang PANGINOON ang nagbigay at ang PANGINOON ang bumawi; purihin ang pangalan ng PANGINOON."

Kasunod nito, nagdala si Satanas ng isa pang pagsubok na naglagay sa buhay ni Job sa panganib. Nagkaroon siya ng malubhang pigsa (nakakapandiring bukol) mula sa talampakan ng mga paa hanggang sa puyo ng ulo niya. Kinayod niya ng mga daliri ang mga bukol niya kaya lalong lumala ang kalagayan niya. Kumuha siya ng isang pirasong basag na palayok para



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

gamiting pangkayod sa sarili habang nakaupo siya sa abo. Pero hindi niya sinisi ang Diyos.

Sa halip na aliwin, sinabi kay Job ng asawa niya, "Sumpain mo ang Diyos at mamatay ka na!" (Job 2:9) Pero sinagot siya ni Job, "Nagsasalita kang gaya ng pagsasalita ng mga hangal na babae. Tatanggap lang ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?" (Job 2:10) Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job sa kanyang mga sinabi.

Subalit ganito ang sinabi ni Job dahil hindi pa niya nauunawaan ang katotohanan. Ang Diyos, na mismong Katotohanan, ay hindi pumapayag na dumanas tayo ng kapahamakan nang walang dahilan. Kapag may pinaparusahan, mayroong dahilan. Kapag sumusunod tayo sa Salita ng Diyos, tatanggap tayo ng mga biyaya. Pero kung magpapatuloy tayo sa pagsuway, kahirapan ang tatanggapin natin. Kilalang-kilala ni Job ang Diyos na pinaglilingkuran niya, pero nagkamali siya sa inisip niya na ang Diyos ay walang awang nagdadala ng kahirapan sa mga tao nang walang dahilan. Dahil dito, hindi niya nakita ang mga kasalanan niya.

Dahil hindi nauunawaan ni Job ang Diyos, ipinapalagay niyang diktador ito. Kung natanto niya ang dahilan kung bakit dumadaan siya sa ganoong paghihirap, hindi ganito ang isipin niya. Pero hindi niya ito nalaman sa sarili niya kaya kailangan niyang dumaan sa pagsubok.

### 3. Lumabas ang masamang ugali ni Job nang manganib ang buhay niya

Habang dumadaan siya sa mga mapanganib na situwasyon, lumabas na likas na masamang ugali ni Job. Isinumpa niya ang araw ng kapanganakan niya at ang mga nangyayari sa kanya. Sinisi rin niya ang Diyos nang manganib ang buhay niya.

Sa Job 27:2, sinabi niya, "Habang buhay ang Diyos, na Siyang nag-alis ng aking karapatan, at ang Makapangyarihan sa lahat, na Siyang sa kaluluwa ko ay nagpapapanglaw." Tinanong niya sa Diyos kung bakit binigyan siya ng ganoong paghihirap gayong siya ay matuwid, tapat, at may takot sa Diyos.

Kung lubos ang pagtitiwala ni Job sa Diyos na sinasabi niyang "Ang PANGINOON ang nagbigay at ang PANGINOON ang bumawi," hindi siya magrereklamo at maninisi sa Diyos. Ibibigay niya ang lahat pati na ang buhay niya bilang pagpapasalamat sa biyaya ng kaligtasan na ibinigay sa kanya.

Magkagayunman, huwag nating isipin na si Job ay nagreklamo katulad ng ibang tao na bigla na lang nagagalit. Kahit dumaing siya at sinisi ang Diyos, ginawa niya ito noong matindi na ang desperasyon niya, sobra na ang pag-aalala at nawalan na ng pag-asa. Ibang-iba ito sa mga nagtatanim ng sama ng loob at napopoot dahil lamang sa maliliit na problema.

### 4. Pagkatapos iwaksi ang kasamaan ng likas na pagkatao, naging pagpapala si Job

Sa Job 38, sumagot ang Diyos kay Job, "Sino ba itong nagpapadilim ng payo sa pamamagitan ng mga salitang walang kaalaman?" Kumilos ang Diyos sa buhay ni Job gamit ang tinig Niya. Nasa isipan ni Job ang Diyos pero wala sa kanyang puso.

Sinisi ni Job ang Diyos sa marami niyang sinabi. Pero hindi siya nakaimik nang marinig niya ang Kanyang tinig. Sinabi pa niya, "Nais kong makipagtalo sa Diyos." Hinamon pa niyang magpakita sa kanya ang Diyos kung totoong buhay ito. Dahil dito, hindi na siya makahingi ng tawad dahil sa kahihiyan.

Sa bandang huli, lubos na nagsisi si Job, pero akala naman niyang banal na siya. Kumilos siyang parang alam na niya ang lahat dala ng kayabangan. Mula sa kaibuturan ng puso, sinabi niya, "Alam kong magagawa Mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang layunin na mahahadlangan" (Job 42:2).

Dahil sa mga ganitong pagsubok, nakita ni Job ang masamang pagkatao niya kaya iniwaksi niya ito, at natamo ang mabuting pusong gusto ng Diyos. Nagkaroon siya ng pusong makakapagsabi sa Diyos ng, "Mangyari ang kalooban Mo" kahit buhay pa niya ang hilingin ng Diyos. Minahal ni Job ang Diyos ng taos-puso at kumilos nang may pagmamahal.

Sa bandang huli, bilang pagpapala ng Diyos, dumoble ang mga ari-arian ni Job. Biniyayaan din siya ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae. Higit pa riyan, wala nang mas gaganda pa kaysa sa mga anak ni Job sa buong lupain. Dahil dito, hindi lang nagkaroon ng pananampalataya si Job na katulad ng purong ginto, nakatanggap din siya ng lahat ng klaseng biyaya tulad ng katanyagan, kapangyarihan, kayamanan, mga anak, at kalusugan.

Mahal kong mga kapatid, mali ang pagkakaintindi ng maraming tao sa Aklat ni Job, sinasabi nila, "Pagtiisan lang ninyo lahat ng mga pagsubok at kahirapan. Kapag natapos iyon, tatanggap kayo ng mga biyaya." Pero hindi kayo pagpapalain dahil lang tiniis ninyo ang mga pagsubok. Kailangan ninyong alamin kung bakit nagkaroon kayo ng pagsubok at hanapin ang mga pader ng kasalanan na itinayo ninyo laban sa Diyos. Kapag nakita na ninyo ang mga ito, pagsisihan ninyo nang husto ang mga kasalanan ninyo. Kinilala si Job na walang kapintasan at matuwid, pero naging pagpapala siya nang makita niya ang likas na kasamaan niya, pinagsisihan niya ang mga kasalanan at itinaboy niya ito.

Kaya idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pagwaksi ng lahat ng klase ng kasamaan at pagiging banal, tatanggapin ninyo ang pag-ibig at biyaya ng Diyos bilang mga taong puspos ng espiritu.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Pinakamasayang Bahagi ng Buhay Ko nang Matagpuan ang Manmin Central Church!"



Niluluwalhati ang Diyos ng Manmin Central Church sa kanilang mabubuting gawa tulad ng unang iglesya. Ang pagsigla at paglago nila ay kamangha-mangha. Para magkaroon ng personal na kaalaman tungkol sa ministeryo ng Manmin na pinangungunahan ni Dr. Jaerock Lee, maraming taong mula sa ibang bansa ang bumisita sa iglesya. Makibahagi tayo sa punung-puno ng pagpapalang mga patotoo ng mga dumalo sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo at sa mga bumisita sa Muan Manmin Church.




| Bulgaria | Pastor Ivan Hazarbassanov

## "Si Dr. Jaerock Lee ay napakamapagkumbabang tao at makapangyarihan ang mensahe niya!"



Ako'y pastor na taga-Bulgaria na kamanggagawa ng labinlimang sangay na iglesya. Noong 2011, dumalo ang isang miyembro ng iglesya (propesor sa kolehiyo sa kursong pharmacy) sa ika-8 pandaigdigang kumperensya ng mga doktor (WCDN) sa Australia. Dahil sa miyembrong ito, nalaman ko ang tungkol sa ministeryo ng Manmin.

Matagal ko nang hinahangad ang kapangyarihan ng Diyos at sa wakas ay nabisita ko sa unang pagkakataon ang Manmin Central Church. Pinagpala ako na makitang naglilingkod ng taos-puso at nananalangin araw-araw sa Diyos ang mga miyembro.

Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ay mapagkumbaba at maibigin. Minamahal at pinaglilingkuran niya ang maraming tao. Makapangyarihan ang mga mensahe niya at itinuturo niya sa mga Cristiano ang mga bagay na dapat malaman tungkol sa pananampalataya.

Hindi mailarawang pagpapala ang napasaamin ng asawa ko (nag-aral kami ng musika sa kolehiyo) sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo. Ang pagtatanghal ay napakaganda! Parang bumukas ang Langit sa harapan namin.

Napahanga rin kami sa Nissi Orchestra dahil hindi madaling magkaroon ng orchestra ang isang iglesya. Ang asawa ko ang namamahala sa musika sa iglesya namin at napaiyak siya sa buong pagtatanghal dahil nadama niya ang pag-ibig at presenya ng Diyos.

Nagdala ng mga biyaya ang dalisay na papuri at sayaw sa amin. Natanto namin na ang dalisay na pagtatanghal ay isang handog na ginawa para sa Diyos. Gusto kong ituro sa mga bata at kabataan sa iglesya ko kung anong klase ng papuri ang nakakalugod sa Diyos. Ipapakita ko sa kanila ang pagtatanghal na ito.

| Indonesia | Pastora Elly Tanuwijaya

## "Nadama ko ang kasiyahan at kaligayahan na parang nasa Langit na ako"



Ako ay pastora ng Preaching the Gospel Church na pinaglilingkuran ng asawa kong si Pastor Luhut. Noong taong 2010, gumaling ang malalang hika niya pagkakita niya ng litrato tungkol sa Rapture (pag-agaw) na nasa pangunahing santuwaryo ng Manmin Central Church.

Tinanggap din namin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee at idinalangin ko rin ang mga miyembro ng iglesya ko gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nakita naming gumaling sila sa iba't ibang karamdaman dahil dito kaya masayang-masaya kami. Dahil sa panalangin ni Dr. Lee na naka-record sa DVD 'The Power of God VI,' gumaling ang mga miyembro namin sa mga karamdaman nila at nalutas ang mga problema nila.

Noong 2005, binigyan kami ng libro ni Dr. Lee na *Heaven I* at *Hell* ng isang miyembro ng iglesya. Habang binabasa ito, mas naramdaman namin na totoong may kabilang buhay, pag nawala na tayo dito sa mundo. Magmula noon, nagpamigay na kami ng kopya ng libro sa mga tao at namahagi din ng *Balitang Manmin* na salin sa wika ng Indonesia sa mga kapitbahay namin. Nagagalak ang marami sa kanila at sinasabing kamangha-mangha na may isang iglesyang pinangyayarihan ng mga himala.

Sa loob ng pitong taon, pinaghandaan ko ng may kasamang pananalangin ang pagbisita ko sa Manmin. Habang nandoon, nadama ko ang malalim na pagmamahal ni Dr. Lee sa mga miyembro at tumanggap ako ng maraming pagpapala bilang isang pastor.

Naramdaman ko ang ganap na kasiyahan at kaligayahan habang nanonood ng pagtatanghal sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo. Parang nasa Langit ako. Nakakagulat na may isang iglesyang makakagawa ng ganito. Ang mga kasuotan at props ay napakaganda at hindi kapani-paniwala. Gusto ko ring magkaroon ng ganitong klase ng pagtatanghal ang mga miyembro ng iglesya ko dahil nagdadala ito ng pag-asa sa Langit.

| Estados Unidos | Dr. Sergei Martinuk

## "Umapaw ang pag-ibig ng Diyos at pagpapala ng Panginoon sa buong pagbisita ko"



Noong taong 2006, nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church bago maganap ang krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa New York. Nagpunta si Elder Johnny J. Kim sa Estados Unidos nang mas maaga para paghandaan ang krusada. Idinalangin niya ako gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Gumaling nang lubusan ang naoperahan kong kanang binti.

Pagkatapos, dumalo ako sa krusada ng pagkakaisa sa New York at nakita ko ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa ginawa ni Dr. Lee. Dahil dito, nanumbalik ang buhay-Cristiano ko. Naging masaya ang buhay ko nang mapakinggan ko ang sermon niyang "The Message of the Cross."

Maraming tao ang nagsasabing naniniwala sila sa Panginoon. Pero hindi alam ng karamihan sa kanila kung paano lalago ang pananampalataya nila, paano mararating ang mas mabuting tirahan sa Langit, at kung paano maaabot ang perpektong kaligtasan. Marami sa kanila ang nakikipagkasundo sa mundo. Gayon pa man, itinuturo ni Dr. Lee ang mga mahahalagang katotohanan para sa tamang buhay Cristiano tulad ng iba-ibang tirahan sa Langit at tungkol sa sukat ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng mga ito, mas magiging maayos ang buhay natin nang may pag-asa.

Napuno ng pag-ibig ng Diyos at pagpapala ng Panginoon ang buong pagbisita ko sa Manmin Central Church. Nakita ko ang tunay na pagiging Cristiano sa mga miyembro. Habang ipinapanalangin ako ni Dr. Lee, nakita kong siya ay tunay na pastol na nagmamahal nang tapat sa mga kaluluwa.

Tuwang-tuwa ako habang nanonood ng "Heaven and Earth," noong ika-30 pagdiriwang ng anibersaryo. Ito ay may mga papuring awit mula sa Diyos, mga sayaw, at musika. Dahil dito, lumago ang pag-asa ko para sa Langit.



| Japan | Kap. Yamane Kiyoko

## "Naranasan ko ang espirituwal na mundo sa lugar ng Muan Sweet Water"

Naniniwala ako na ang pinakamagandang nangyari sa buhay ko ay nang matuklasan ko ang tungkol sa Manmin Central Church. Makikita dito ang pagmamahalan ng mga miyembro at mga pagtatanghal na nakakapagbigay ng pag-asa para sa Langit. Hindi ko maipaliwanag kung gaano ako kasaya. Nakaranas ako ng kamangha-manghang mga pangyayari lalong-lalo na sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan naging tubig na maaaring inumin ang tubig-alat dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee (Exodo 15:25).

Nagpunta ako sa Manmin Central Church kasama ng ibang mga dayuhang bisita para makipagdiwang sa ika-30 anibersaryo. Binuksan ng Diyos ang espirituwal na mga mata nila at hinayaang makita ng karamihan sa kanila ang espirituwal na mundo. Nakakita rin ako ng mga propeta na nasa pagitan ng mga puno, ang tabak ng espiritu, mga hiyas na kulay ginto, at isang hagdanang mula sa Langit papunta sa harapan ko. Nakakita ako ng maraming tabak ng salita sa paligid ng araw, ng kulay berdeng liwanag at ilaw na iba't ibang kulay. May nakita rin akong hugis punong liwanag, malaki ito na kulay ginto.

Naramdaman ko na totoong may espirituwal na mundo at mas lalo akong nagkaroon ng pag-asa para sa Langit. Higit pa riyan, gumaling ang sumasakit kong balikat, pagod na mga mata, at namamagang mga binti pagkatapos kong lumubog ng pitong beses sa paliguan ng Muan Sweet Water.

## Simula

Ang pambungad ay musika gamit ang mga instrumentong nagpapahayag ng kahanga-hangang kalooban ng Diyos. Sinundan ito ng sayaw ng mga 'anghel' sa maganda at mahiwagang tugtugin. Kasunod nito ay nagmartsa ang mga sugo ng pagdiriwang at ang pag-aanunsyong magsisimula na ang pagtatanghal ng pagdiriwang.









# Ang Pagtatanghal sa Pagdiriwang ng Ika-30 Anibersaryo

# "Langit at Lupa"



## Langit

Ang pangalawang bahagi ay "Langit" na nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos Ama sa pamamagitan ng makalangit na sayaw at papuri ng mga arkanghel at mga anghel sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng Manmin.











## Lupa

Ang pangatlong bahagi ay "Lupa" na nagsisimbulo ng mga anak ng Diyos na dumaan na sa proseso ng pagpapabanal sa pangangalaga sa mundo. Naghandog sila ng mga papuri. Sinundan ito ng isang sayaw na pang-maharlika, at isa pang sayaw na napakasaya. Sa pagtatapos, sabay-sabay na naghandog ang lahat ng miyembro ng papuri ng kaligayahan sa Diyos.











GCN
GLOBAL · CHRISTIAN · NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com